台風時等【暴風・大雨・洪水】における措置について(家庭掲示用)（タガログ語）

Itabi sa bahay

Kameyama Nishi Elem. School

Para sa mga magulang o tagapag-alaga

# Mga hakbang sa oras ng bagyo at iba pa

## 【Malakas na hangin, Malakas na snow, Malakas na ulan at Baha】

Hinihiling namin sa mga magulang na mangyaring unawaing mabuti at gawin ang tamang hakbang o aksyon kaugnay sa mga sumusunod.

Tala

1. **Kapag nag-isyu ng babala ng "Boufuu Keiho" (storm warning)** at
   **"Boufuu setsu keihou"** (malakas na hangin at snow) Huwag papasukin sa paaralan.
2. **Kapag kansela na ang "Boufuu Keihou" (storm warning) at "Boufuu setsu keihou"**

| | |
|---|---|
| Kapag kinansela ang babala hanggang 7:00 Am | ◎Kapag nakumpirma na ng magulang na ito ay ligtas na, papasukin na sa paaralan ang estudyante tulad ng dati o normal na pagpasok sa paaralan. |
| Kapag kinansela ang babala ng pasado 7:00am hanggang 8:30am. | ◎Kapag nakumpirma na ng magulang na ito ay ligtas na, papasukin agad ang anak sa paaralan.<br>- Hindi ito ituturing na "late" kahit na late ang pagdating sa paaralan.<br>- Magkakaroon ng simpleng tanghalian at normal na klase. |
| Kapag kinansela ang babala mula pasado 8:30 hanggang 11:00 ng umaga. | ◎Sundin ang instruksyon ng komite na naka-talaga sa inyong lugar o ang [impormasyon mula sa tsunagaru.renraku] ng paaralan. [Sundin ang naunang instruksyon na inyong matatanggap at papasukin sa paaralan ang inyong anak kapag nakumpirma niyo na kung ito ay ligtas na].<br>**- Ang oras na magsisimula ang klase at iba pang impormasyon ay ipapaalam namin sa** tsunagaru.renraku.<br>- Hindi ituturing na [late] kahit mahuli ang pagdating sa paaralan,<br>- Magkakaroon ng simpleng tanghalian at normal na klase kapag nagsimula ang klase sa kalagitnaan na ng umaga. |

3. **Kapag hindi pa rin kinakansela ang "Boufuu at Boufuu setsu keiho" sa oras ng 11:00 ng umaga.**

Huwag papasukin ang estudyante sa paaralan.

4. **Kapag ipinahayag ang "Boufuu at Boufuu setsu keihou" habang papunta sa paaralan.**

Kaagad na pababalikin ang mga estudyate sa bahay. (Gagamitin ang tsunagaru.renraku)

5. **Kapag ipinahayag ang "Boufuu at Boufuu setsu keihou" kapag nag-umpisa na ang klase.**

| | |
|---|---|
| Pangkalahatang hakbang | ◎Ititigigil ang klase at kaagad na papauwiin sa bahay ang mga estudyante.<br>(gagamitin o magbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng tsunagaru.renraku) |
| Kapag delikado | ◎Maghihintay muna ang mga estudyante sa paaralan, at pauuwiin lamang sa bahay kapag nakumpirma na ang sitwasyon.<br>Gagamitin ang tsunagaru.renraku |

〈Notes〉

※Bawat area ay magkakaiba ang kalagayan ng daan papunta sa paaralan at pauwi sa bahay kaya magsasagawa ng tamang aksyon at makikipag-ugnayan ang paaralan sa mga taong naka-talaga sa inyong lugar kapag inaasahan na ang panganib ng malakas na hangin, malakas na ulan, baha o pagkidlat kahit na walang isyu ng "**Boufuu at Boufuu setsu keiho**".

※Bilang pangunahing pamamaraan ay magpapadala kami ng pangkalahatang message sa pamamagitan ng tsunagaru.renraku. Subalit maaari din namin gamitin ang delivery mail system o tawag mula sa Chiku iin depende sa sitwasyon.

※Tatawagan kayo ng paaralan o ng "chiku iin" (mga taong naka talaga sa inyong lugar) kung sakaling hindi kayo naka-rehistro sa tsunagaru renraku.

※Kinabukasan ng pansamantalang pagsara ng paaralan dahil sa storm warning, ihanda ang mga kailangang gamit sa pag-aaral ng ayon sa "jikan wari" time table at papasukin ang anak sa paaralan

タガログ語

Itabi sa bahay

Para sa mga magulang

Kameyama Nishi Elementary school

# Impormasyon sa Nankai Trough Earthquake at ang Tugon ng Paaralan sa Pangyayari ng Malaking Lindol

Bilang tugon sa mga tagubilin mula sa Kameyama Board of Education tungkol sa impormasyon sa Nankai Trough Earthquake at ang tugon ng paaralan sa pagkakaroon ng isang malaking lindol, susundin ng Kameyama Nishi Elementary School ang mga pamamaraan sa ibaba. Pinahahalagahan namin ang pag-unawa at pakikipag-tulungan ng lahat ng mga magulang at hinihiling namin na gawin ang mga naaangkop na hakbang.

Mangyaring tandaan na ipapaalam ng paaralan ang pagtugon nito sa emergency sa pamamagitan ng pagpapa dala school-mail, atbp. kung kinakailangan.

## Notes

Sa prinsipyo, ang mga hakbang sa kaligtasan para sa mga bata sa kaso ng lindol sa Nankai Trough o iba pang impormasyon ay dapat pangasiwaan tulad ng sumusunod. Ang Nankai Trough Earthquake Information ay inilabas ng Japan Meteorological Agency (JMA) tungkol sa pagtaas ng posibilidad ng lindol sa buong Nankai Trough area. Kaya naman, hindi natin agad isasara ang mga paaralan o gagawa ng iba pang hakbang, bagkus ay susundin natin ang panawagan ng lokal na pamahalaan at gagawin ang mga sumusunod na hakbang sa pag-iwas sa kalamidad bilang paghahanda sa pagkakaroon ng napakalaking lindol

## Tugon ng paaralan sa kaso ng Nankai Trough Earthquake Information Announcement

＊Ipaaalam sa mga guro at kawani ang tungkol sa mga nilalaman ng impormasyon ng lindol sa Nankai Trough anunsyo at mga tugon sa hinaharap, atbp.

＊Ang mga inspeksyon sa kaligtasan ng mga pasilidad ng paaralan, kagamitan, at mga ruta papunta at mula sa paaralan ay isasagawa, pati na rin ang isang stockpile ng mga supply.

＊Kukumpirmahin ang pag-uugali ng mga bata tungkol sa paglikas sa kaso ng isang lindol, mga ruta ng paglikas at evacuation center, at paraan ng komunikasyon sa kanilang mga pamilya.

＊Maghanda upang tumanggap ng mga lumikas at mangalap ng impormasyon kung kinakailangan, habang pinapanatili ang pakikipag-ugnayan sa mga kaugnay na ahensya.

＊Sa ilang kaso, ang bata ay mananatili sa paaralan at ibibigay sa magulang matapos na kumpirmahin ang mga ito.

※Sa Kameyama City, walang mga lugar na maaaring lumikas kung sakaling magkaroon ng tsunami, kaya ang evacuation hindi agad mabubuksan ang mga center kahit na inihayag ang impormasyon.

※Sa kaso ng lindol sa Nankai Trough, ang City Hall ay inaasahang magiging Disaster Control Headquarters. Ang kalsada sa harap ng City Hall ay maaaring sarado sa trapiko, kaya mangyaring iwasang pumunta sa paaralan sa pamamagitan ng kotse kapag sinundo mo ang iyong anak.


## Pagtugon ng paaralan sa kaso ng isang malakas na lindol.

＊Sa kaso ng biglaang malakas na lindol na walang impormasyon, inaasahang mahirapa ang kumontak sa paaralan dahil sa busy o naputol na linya. Gagawin namin ang lahat ng pagsisikap na makipag-ugnayan sa mga miyembro ng komite ng distrito, ngunit responsibilidad ng mga magulang na sunduin ang kanilang mga anak. (Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa kalakip na "Tugon ng Paaralan sa pagsundo sa mga bata sa oras ng emergency ")

※Mangyaring pag-usapan ang pagsiguro ng kaligtasan at kumpirmahin ang malalapit na evacuation center kung magkakaroon ng malakas na lindol habang papunta sa paaralan.

Reference　Excerpt from JMA website

**【Flow chart hanggang sa anunsyo ng impormasyon ng lindol sa Nankai Trough】**




**【Mga uri ng Nankai Trough Earthquake Information at mga kondisyong ng anunsyo】**

| Pangalan ng impormasyon | Key words | Mga kondisyon ng anunsyo |
|---|---|---|
| Nankai Trough Earthquake Information | (Under investigation) | Nagsimula o patuloy na mga pagsisiyasat upang matukoy kung ang mga naobserbahang kakaibang phenomena ay nauugnay sa isang malaking lindol sa kahabaan ng Nankai Trough |
| | (Babala sa malaking lindol) | Mga kaso kung saan kailangan ng babala para sa isang malaking lindol *Kapag ang isang lindol ng M8.0 o mas mataas ay tinasa na naganap sa hangganan ng plate sa loob ng ipinapalagay na epicenter sa kahabaan ng Nankai Trough. |
| | (Pag-iingat sa malaking lindol) | Mga kaso kung saan kailangan ang pag-iingat sa isang malaking lindol *Mga kaso kung saan ang isang lindol na M7.0 o mas mataas ngunit mas mababa sa M8.0 o isang hindi pangkaraniwang mabagal na slip ay nangyayari sa hangganan ng plate sa ipinapalagay na epicenter area sa kahabaan ng Nankai Trough |
| | (Natapos na imbestigasyon) | Pagsusuri ng isang palatandaan (phenomenon)na hindi napapailalim sa alinman sa malaking babala sa lindol o sa malaking pag-iingat sa lindol. |

[Pakitabi po ang papel na ito sa inyong tahanan]
緊急時における児童引渡しについて（タガログ語）

Para sa lahat ng magulang

Kameyama Nishi Elementary School

## Impormasyon tungkol sa pagsundo ng mga estudyante sa oras ng emergency

Hinihiling namin sa mga magulang na mangyaring unawaing mabuti at gawin ang tamang hakbang o aksyon kaugnay sa mga sumusunod.


| | Mga sitwasyon ng sakuna | | Mag-aaral | Magulang |
|---|---|---|---|---|
| Lindol<br>*Walang tawag na matatanggap mula sa paaralan | **Kapag naganap ang lindol**<br>(Lindol na mahigit Intensity 5 ang lakas | Kapag papasok sa paaralan o pauwi sa bahay. | Manatili sa bahay at huwag pumassok sa paaralan. | ① Kung may klase, maaaring pumasok ang mag-aaral 2 oras pagkatapos ng ibinigay na oras. Walang school lunch. Kung hindi tiyak ang kaligtasan ng tanghali ang klase ikakansela.<br>② Kung magsasagawa ng klase sa tanghali, papasukin ang anak ng 1:30 pm. |
| | | Kapag papasok sa paaralan o pauwi sa bahay | ① Pansamantalang lumikas sa ligtas na lugar sa daan.<br>② Bumalik kaagad sa bahay. Hintayin ang pagsundo ng magulang kung sakaling nasa paaralan na. | Kumpirmahin ang kaligtasan ng bata<br>Sunduin ang anak |
| | | Kapag nasa paaralan | ① Lumikas sa playground<br>② Pumila ayon sa grado at section<br>③ Maghintay sa magulang | Sunduin ang bata sa paaralan |
| Kahina-hinalang personalidad | **Sa paligid ng paaralan** | | ① Sundin ang instruksyon at maghintay.<br>② Maghintay sa magulang sa classroom or gym. | Sunduin ang anak sa paaralan.<br>* Sundin ang instruksyon mula sa "Chiku-iin" (miyembro ng komite ng distrito) o sundin ang instruction sa tsunagaru.renraku galing sa paaralan. |
| | **Pumasok sa loob ng paaralan<br>Pumasok sa loob ng gusali ng paaralan** | | ① Sundin ang instruksyon at lumikas sa ligtas na lugar.<br>② Magtipon-tipon sa playground o sa gymnasium kapag kumpirmado ng ito ay ligtas na (kapag lutas na ang insidente).<br>③ Pumila ayon sa grado at section<br>④ Maghintay sa magulang. | Sunduin ang anak sa paaralan.<br>*Sundin ang instruksyon mula sa "Chiku-iin" (miyembro ng komite ng distrito) o sundin ang instruction sa tsunagaru.renraku mail na galling sa paaralan. |

- Kung sakaling hindi gumagana ang school tsunagaru.renraku mai system ng paaralan dahil sa blackout o iba pa, tatawagan kayo ng Chiku-iin" (miyembro ng komite sa inyong distrito).
- Kung sakaling hindi naman nakarehistro sa school tsunagaru.renraku mai system ng paaralan, tatawagan kayo ng "Chiku-iin" o ng paaralan.
- Kung sakaling hindi kayo makontak, maghihintay ang bata sa paaralan. Tiyaking ipaalam sa paaralan ang inyong Tel. number na tiyak na makokontak. Mangyaring ipaalam din sa chiku-iin at sa paaralan kung nagpalit kayo ng Tel. number.
- Ang lugar para sa pagtitipon-tipon ng mga bata kung sakaling mayroong kahina-hinalang personalidad ay may posibilidad na mabago depende sa sitwasyon.
- Maliban sa mga nasa itaas na sitwasyon, may mga posibilidad din na ipasundo ang mga bata kung kinakailangan kapag naglabas ng warning kaugnay sa kalagayan ng panahon.
- Bilang karagdagan sa itaas, maaaring may mga kaso kung saan tumugon kami sa isang emergency sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang agarang tsunagaru.renraku mail o iba pang paraan.

## Handing over the children in emergency case

○There are three ways to hand over the children depending on the situation.
○If you have some children in this school, please come youngest child' class to every case. Other child waits for you there.
○Please bring your ID card (a form of identification)
○In case you hand over the child of other family, please show the written consent of the guardian. If you don't have it, please write a memorandum of what was approved by the guardian.


### 1. Handing over the children in our playground




### 2. Handing over the children in our gym

Please park in the playground and come our gym through the children's entrance

(In case of dangerous state, we may use the east entrance. Please follow the teachers' instruction.)




### 3. Handing over the children in the classroom

Please park in the playground and come the classroom of your oldest child.